

ANG PAGKILOS NG DIYOS SA MALILIIT NA GRUPO

Review: Ang nagkakaisang panalangin ay nangangailangan ng malalim na _____ sa isa't isa at isang panlabas na _____.

Focus on God

1. **Bakit kailangang manalangin sa mas maliit na grupo** (small groups)?

- Mas madaling lumalim ang relasyon sa isa't isa. Mas nararamdaman ang kaugnayan sa isa't isa, mas naipapahayag ang nararamdaman, at mas nakikilala ang bawat isa.
- Mas *flexible*. Hindi mahirap ayusin. Mas madaling mag-iba ng direksiyon depende sa paggabay ng Espiritu. Puwedeng huminto upang pag-usapan muna ang sinasabi ng Diyos, at pagkatapos ay manalangin ulit.
- Mas madaling makakabahagi ang bawat isa sa maliit na grupo kaysa sa malaki.
- Mas madali ang pagkakaisa kung nagsasama-sama ang ilang magkakaibigan na kaysa sa grupo ng 100. (Maaaring ganito ang nangyayari sa Acts 13:1-3.)
- Mas madali nating natututunan ang pagkilala sa paggawa ng Espiritu sa maliit na grupo.

2. **Pagkilala sa paggabay ng Banal na Espiritu sa panalangin sa maliit na grupo.**

Dalawa sa tungkulin ng Espiritu ang gabayan tayo sa katotohanan (John 16:13-15), at patibayin ang pagkakaisa sa iglesia (Eph. 4:3-6). Paano mangyayari ito?

a. **Tingnan mabuti kung paano naapektuhan ang pang-unawa ng iba.**

Pakinggan ang sinasabi ng iba. Ibinabahagi ba nila ang mga natututunan sa pinag-aaralang talata sa Bibliya? May isang panalangin ba na nakapagpapaalala sa iba ng ilang mga bagay tungkol sa Diyos at sa pagkilos niya sa buhay natin? Kapag may ipinahahayag ang Diyos sa iyo, huwag mahiyang ibahagi ito sa grupo. Ginagamit ito ng Diyos upang gabayan tayo sa panalangin. Maaaring sanayin din natin ang ating sarili sa panalangin ng mga "short prayers" sa halip na mahahabang panalangin na isa lang ang nagsasalita. Kapag nagkakaisa ang diwa at mga salita natin sa panalangin, masasabi nating pagkilos iyon ng Espiritu.

b. **Tingnan mabuti kung paano naapektuhan ang puso at damdamin ng iba.**

Anu-anong damdamin ang napupukaw? Anu-ano ang mga pasanin ng mga kapatid? Sinu-sino ang naiisip mo habang nananalangin ka? Nagkakaroon ba ng pagkamuhi at pagtangis sa kasalanan? Magsisimula ang Espiritu sa pang-unawa natin ngunit ito ay mauuwi sa isang masidhing damdamin upang ipanalangin ang iba. Sa Zech. 12:10 ibinuhos ng Diyos ang diwa ng panalangin at tumangis sila. Kung gagawin ito ng Diyos, tingnan nating mabuti kung saan tayo nais dalhin ng Diyos. Kumikilos ang Diyos upang magkaroon ng pagkakaisa sa pamamagitan ng paglilingkod at panalangin sa isa't isa.

3. **Panalangin kasama ang parehong grupo sa mga susunod na linggo.**

Subukan nating manalangin kasama ang parehong mga tao sa susunod na 12 linggo. Pagkatapos noon puwede na tayong magpalit. Magkaisa sa isang panlabas na layunin para sa grupo.

Responding to God: Manalangin tayo sa mga maliliit na grupo. Magkakasundo kayo sa isang prayer request na pagtutuunan ninyo upang makita ninyo kung dinadala kayo ng Diyos sa ganitong paraan. Upang ihanda ang inyong mga puso, maglaan ng oras upang purihin at pasalamatang ang Diyos mula sa Psalm 145. Pag-isipan kung paano ito ginawa ng Diyos sa inyo sa mga nakaraang ilang buwan.



Kingdom Prayer List

- Paglagong espirituwal ng bawat isa.
- Mga pangangailangan sa iglesia.
- Malinaw at tiyak na gawaing ipinapagawa ng Diyos.
- Revival sa mga miyembro ng iglesia.
- Mga pagkakataong maibahagi ang ebanghelyo sa iba.



Present Your Requests: Manalangin sa inyong grupo para sa mga personal na kahilingan.



¹ Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf).